

Ano ang Pandiskrimina sa Trabaho?

Labag sa batas ang mga nakakadiskriminang kasanayan sa trabaho sa batayan ng anumang pinoprotektahang uri. Nangyayari ang pandiskrimina sa trabaho kapag ang isang indibidwal ay tinatrato nang hindi patas *dahil sa* status sa pinoprotektahang uri ng tao.



Kasama sa Mga Pinoprotektahang Uri sa Trabaho ang:

- Lahi/Kulay (kasama ang mga pang-etnikong istilo ng buhok)
- Bansang Pinagmulan
- Status ng Pagkamamamayan/Imigrasyon
- Pananampalataya
- Kasarian/Pagbubuntis
- Sekswal na Oryentasyon/Kinikilalang Kasarian
- Status sa Pagiging Beterano/Military
- Pagkakaroon ng anumang sensory, mental, o pisikal na Aktwal na Kapansanan o ipinagpapalagay na Kapansanan
- Paggamit ng Gabay na Hayop
- HIV o Hepatitis C
- Marital Status
- Edad (40+)
- Status ng Pagiging Whistleblower na Empleyado ng Estado

Labag din sa batas na gumanti laban sa sinumang indibidwal na naghain o lumahok sa isang reklamo hinggil sa diskriminasyon.



Posibleng mangyari ng ilegal na diskriminasyon sa panahon ng proseso ng aplikasyon sa pamamagitan ng hindi patas na inquiry bago ang pagtatrabaho, o sa panahon ng pagtatrabaho habang nasa gawain sa trabaho. Kasama sa mga paraan kung saan posibleng mangyari ang diskriminasyon sa trabaho ang: hindi pantay na pagtingin, kung saan tinatrato ang isang indibidwal nang iba o hindi patas kumpara sa mga katrabahong nasa parehong sitwasyon sa lugar ng trabaho na wala sa pinoprotektahang uri ng indibidwal; hindi pantay na epekto, kung saan posibleng ang employer ay may patakaran o kasanayan na mukhang neutral, pero magreresulta sa hindi pantay na pagtrato sa isang buong grupo ng mga indibidwal batay sa kanilang karaniwang pinoprotektahang uri; panliligalig/magulong kapaligiran sa trabaho, kung saan mahirap sikmurain ang mga kundisyon sa trabaho dahil sa pinoprotektahang uri ng empleyado, kung saan mapipilitan o mapapasuko ang isang makatuwirang tao; hindi pagtugon sa kapansanan o panrelihiyong paniniwala; o pagganti dahil sa pagrereklamo tungkol sa diskriminasyon.

Ang Diskriminasyon sa Trabaho ay kinokontrol ng mga batas ng estado at pederal na pamahalaan, at ng sistema ng hukuman sa pamamagitan ng litigasyon, na bumubuo ng batas ng kaso na bumabasa at naglalapat ng mga batas sa mga sitwasyong partikular sa impormasyon. Ang Mga Batas Laban sa Diskriminasyon sa Trabaho ng Estado ng Washington ay nasa RCW (Revised Code of Washington, Nirebisang Kodigo ng Washington) 49.60; Titulo 162 ng WAC (Washington Administrative Code, Pampangasiwaang Kodigo ng Washington); at batas ng kaso. Kasama sa mga batas laban diskriminasyon sa trabaho ng pederal na pamahalaan ang: Titulo VII ng Batas Karapatang Sibil ng 1964; Titulo I ng Batas sa Mga American na may Kapansanan; ADEA (Age Discrimination in Employment Act of 1967, Batas sa Pandiskrimina sa Edad sa Trabaho ng 1967); EPA (Equal Pay Act of 1963, Batas sa Patas na Pasahod ng 1963); GINA (Genetic Information Non Discrimination Act, Batas sa Pangkalahatang Impormasyon Laban sa Diskriminasyon); Batas sa Patas na Pasahod ni Lilly Ledbetter (Lilly Ledbetter Fair Pay Act); at batas ng kaso.



Kumikilos ang WSHRC (Washington State Human Rights Commission, Komisyon sa Karapatang Pantao ng Estado ng Washington) para maiwasan at mawakasan ang diskriminasyon sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa reklamo, alternatibong paglutas sa hindi pagkakaunawaan, at mga aktibidad sa edukasyon, pagsasanay, at outreach.

Paghahain ng Reklamo

May obligasyon ang sinuman na sumunod sa batas at may karapatan ang sinuman na humiling ng pagreremedyo kapag may nangyaring pinsala. Ang mga reklamo na nagpapatang ng mga paglabag sa RCW 49.60 ay dapat ihain sa loob ng anim na buwan mula sa petsa ng pinsala, maliban sa mga kaso sa pandidiskrimina sa pagbubuntis, na dapat ihain sa loob ng isang taon, at sa mga reklamo ng Whistleblower, sa loob ng dalawang taon. Posibleng malutas ang mga reklamo sa panahon ng pag-iimbestiga ayon sa kasunduan sa pagitan ng mga panig at sa WSHRC.

Walang hurisdiksyon ang WSHRC sa mga employer na wala pang 8 empleyado, mga Native American na tribo, sa pederal na pamahalaan, o mga claim sa labas ng Estado ng Washington.



PATAS NA PAGGAMIT NG BATAS

Ang Komisyon sa Karapatang Pantao ng Estado ng Washington ay isang neutral at fact-finding na ahensya ng pagpapatupad ng batas; hindi ito kumikilos bilang isang tagapagtaguyod para sa sinumang panig sa isang pag-iimbestiga, ngunit itinataguyod nito ang batas sa interes ng pagpigil at pagwawakas ng diskriminasyon.

Mga Lokasyon ng Komisyon sa Karapatang Pantao ng Estado ng Washington

HEADQUARTERS

711 S. Capitol Way, Suite 402
P.O. Box 42490
Olympia, Washington 98504-2490
360-753-6770

SPOKANE

Rock Pointe Plaza III
1330 N. Washington Street, Ste 2460
Spokane, Washington 99201

YAKIMA

1205 Ahtanum Ridge Dr., Suite C
Union Gap, WA 98903

WENATCHEE

519 Grant Rd
East Wenatchee, WA 98802



Kung kailangan mo ng higit pang impormasyon, mayroon kang karagdagang mga tanong, o gusto mo ng pagsasanay para sa iyong organisasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa WSHRC sa 360-753-6770 o 800-233-3247. Makakakita ng karagdagang impormasyon tungkol dito at sa iba pang isyu sa karapatang sibil sa aming website sa

www.hum.wa.gov

Komisyon sa Karapatang Pantao ng Estado ng Washington



PANDIDISKRIMINA SA TRABAHO

Layunin ng Komisyon sa Karapatang Pantao ng Estado ng Washington na pigilan at wakasan ang diskriminasyon sa pamamagitan ng patas na paggamit ng batas, epektibong paggamit ng mga resource, at pagtataguyod ng mga produktibong partnership sa komunidad.